**NAKA-EMBARGO HANGGANG**
**IKA-20 NG ABRIL**

## Pampublikong pahayag

Ika-20 ng Abril 2023

# Ipinababatid ng NZ On Air ang pondo para sa Bagong Pan-Asian na Musika

***Ang bagong pondo ay nangunguna sa uri nito para suportahan ang Pan-Asian na musikang komunidad sa Aotearoa***

Kalulunsad lamang ng bagong naka-target na pondo na pinaniniwalaang nangunguna sa uri nito para suportahan ang Pan-Asian na komunidad ng musika sa Aotearoa.

Ang NZ On Air New Music Pan-Asian fund ay dinisenyo para paramihin ang may-kalidad na content ng musikang Pan-Asian na makukuha sa Aotearoa, at para suportahan ang mga artist na makipag-ugnayan sa mga Pan-Asian at pangkalahatang audience (tagapakinig at tagapanood).

Ito ay nilikha dahil sa kakulangan ng patas na representasyon ng mga Pan-Asian na artist sa sektor ng musika.

"Sa NZ On Air, nakagawa kami ng Music Diversity Report simula pa noong 2020 na nagpapakita na ang mga musician na Pan-Asian New Zealand ay kulang ng representasyon sa sektor ng musika sa Aotearoa," sabi ng NZ On Air Head of Music, na si Teresa Patterson.

Noong 2021/22, ang kabuuang bilang ng mga aplikasyon sa New Music Single fund mula sa mga aplikante na tinukoy ang sarili bilang Asian ay 4.14%, tumaas mula sa 3.56% noong 2020/21Ang bilang ng mga aplikante sa New Music Project fund na tinukoy ang sarili bilang Asian, ay bumaba mula sa 4% noong 2020/21 at naging zero noong 2021/22. Gayunpaman, 4.4% noong 2021/22 ang tumukoy sa sarili bilang European at Asian.

Magbubukas ang pondo sa Ika-4 ng Mayo 2023 at magsasara sa ika-25 ng Mayo 2023 sa panahon ng May Music Month.

Kinunsulta ng NZ On Air ang mga Pan-Asian na kinatawan ng komunidad ng musika ng Aotearoa – upang tiyakin, sa simula pa lamang, na may mnalinaw na pagkaunawa sa mga hamon para sa komunidad na Pan-Asian at kung paano haharapin ng pondo ang mga ito.

Isa sa mga kinatawang ito si Yee Yang 'Square' Lee, artist manager na naka-base sa Tāmaki Makaurau at convener ng kilusan ng Asian arts na Where The Asians At‽ (Aotearoa).

"Ito ay suportang labis nang huli para sa ating malikhaing komunidad na Pan-Asian sa Aotearoa," sabi ni Square. "Isang tunay na pag-asam ang naging pangkalahatang opinyon ng grupo ng konsultasyon na pinagsama-sama ng NZ On Air. Kami ay naniniwala na ito ang unang ganitong uri ng naka-target na pondo para sa musikang Pan-Asian sa Aotearoa.

"Lahat ng nasa miting na iyon ay tuwang-tuwa tungkol sa pamumuno ng NZ On Air upang pag-ugnayin ang lumalaking agwat sa sektor at sabik na malaman na magkakaroon sila ng pondong ito."

Si Square ay dati ring nag-komisyon ng unang pananaliksik ng CARE (Centre for Culture-Centred Approach to Research and Evaluation), na may suporta mula sa NZ Music Commission, tungkol sa mga paghihirap na kinakaharap ng mga musician na Asian New Zealand sa pag-access sa trabahong kaugnay sa musika na nakakasiya at likas-kaya.

**NAKA-EMBARGO HANGGANG**
**IKA-20 NG ABRIL**

Matagumpay na namuhunan ang NZ On Air sa pagpapaunlad ng Pan-Asian screen at paggawa dati ng mga inisyatiba kasama ang Pan-Asian Screen Collective (PASC), upang magbigay ng naka-target na pamumuhunan upang patatagin ang paglahok ng Pan-Asian sa screen sector.

"Ang inisyatibang iyon ay matagumpay na nagbunsod sa kakayahang teknikal at pang-negosyo ng mga Pan-Asian creative sa screen space," sabi ni Patterson.

"Ang pangako ng NZ On Air na pabubutihin ang representasyon ng Pan-Asian ay isang bagay na nais namin ngayong likhain sa sektor ng musika."

**Mga Detalye ng Pondo**

*Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa www.nzonair.govt.nz/funding/apply-music-funding/*

Ang New Music Pan-Asian ay isang iskema ng pagpopondo ng single-track na magbibigay ng hanggang $10,000 tungo sa mga gastusin ng:

- Recording, mixing, mastering, anumang karagdagang produksyon, o gawain para sa isang awitin
- Paglikha ng visual content upang tumulong sa promosyon at pag-release ng single. Maaaring ito ay isang music video, mga ginagawang di nakikita ng publiko, maikling pelikula, isang serye ng mga video, at iba pa.
- Promosyon at marketing upang ibunsod ang iyong single para ito ay marinig at mapanood ng iyong kasalukuyang audience at higit pa.
- Ang pondo para sa New Music Pan-Asian ay makukuha ng lahat ng mga musician sa Aotearoa na tumutukoy sa sarili bilang Pan-Asian. Ang Pan-Asian, ayon sa pagtukoy ng UN, ay sumasaklaw sa kabuuang Asia pati na rin sa Middle East.
- Hindi tulad ng mga aplikasyon para sa New Music Single, walang kailangang minimum na mga pamantayan para mag-aplay.
- Lahat ng mga aplikasyon ay dapat isumite bago dumating ang deadline sa **Huwebes, ika-25 ng Marso, 4:00 ng hapon**.
- Mag-aplay sa newmusicsingles.nzonair.govt.nz.